ADA Australia
*Your aged and disability advocates*

# Ang inyong suportang serbisyo sa pangangalaga ng matatanda

## Libre at kumpidensyal, Ang inyong panig, ang inyong opinyon

(Tagalog/Tagalog)







- Kayo ba ay isang matanda at kailangan ng kaunting tulong sa bahay?
- Alam ba ninyo ang tungkol sa mga serbisyong makukuha para sa pangangalaga sa matatanda (aged care) para tulungan ang mga taong matatanda?
- Kailangan ba ninyo ng tulong para makakuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda?
- Mayroon ba kayong mga problema sa anumang serbisyo sa pangangalaga ng matatanda na kasalukuyang ginagamit ninyo?

Ang mga matatandang tao sa Australya ay may karapatang kumuha ng mga serbisyo at suporta sa pangangalaga ng matatanda. May ilang mga paraan na kayo ay masusuportahan. Maaari kayong kumuha ng:

- mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda na susuporta sa inyo sa bahay para matulungan kayong mamuhay nang independiyente
- panandaliang pangangalaga na tutulong sa inyong paggaling  mula sa isang pinsala o karamdaman
- matitirhang lugar sa isang pasilidad para sa pangangalaga ng matatanda (aged care home) kapag hindi na kayo maaaring manirahan sa inyong bahay.

### Paano kami makakatulong?

Ang ADA Australia ay nagbibigay ng mga tagapagtaguyod na makakatulong sa inyo na:

- malaman ang mga makukuhang serbisyo
- makakuha ng mga serbisyong pangangalaga at suporta
- makuha ang pinakamahusay na pakinabang mula sa inyong mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda
- maunawaan ang mga gastusin at kabayaran sa pangangalaga ng matatanda
- malutas ang mga problema o reklamo tungkol sa inyong mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda
- maunawaan ang inyong mga karapatan at tiyaking kayo ay tinatrato nang may paggalang at patas
- makapagbigay ng opinyon sa inyong pangangalaga at sa mga bagay na umaapekto sa inyo.

### Ano ang pagtataguyod?

Ang pagtataguyod ay nagbibigay ng suporta para tulungan kayong magsabi ng inyong mga kagustuhan at magsabi ng opinyon para sa inyong mga karapatan at pangangailangan. Ang isang tagapagtaguyod ng ADA Australia ay isang taong walang kinikilingan na pakikinggan ang inyong sitwasyon at tutulong sa inyo na lutasin ang mga isyu.

Ang tagapagtaguyod ay nasa inyong panig at siya ay gagabayan kung ano ang gusto ninyo. Mahalaga pa, poprotektahan niya ang inyong pagkapribado at hindi magsasabi kaninuman maliban lamang kung gusto ninyong gawin niya ito.

### Ang aming mga serbisyo ay:

- Libre, Kumpidensyal, Independiyente
- Kayo ang gagabay nito

## Makipag-usap sa amin sa 1800 700 600

Interpreter
Kung kailangan ninyo ng interpreter, mangyaring tumawag sa 131 450

e: info@adaaustralia.com.au
w: www.adaaustralia.com.au

Kinikilala ng ADA Australia ang mga Tradisyonal na May-Ari ng lupaing ito at nagbibigay-galang sa mga Nakakatanda (Elders), sa nakaraan, sa kasalukuyan at sa hinaharap.